
# CONVEYOR

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION

Tomo 5 Isyu 1 Enero - Marso 2026

# Kauna-unahang Career Fair sa Semirara, tagumpay na naisagawa

Pahina 7




## Dog and cat shelter sa Brgy. Semirara, pormal nang binuksan

Pahina 5

## Wildlife Reintroduction: 14 na Ibon, Matagumpay na naibalik sa kalikasan

Pahina 9

## ACLS Training para sa SMPC Healthcare personnel

Pahina 11



Manigong Bagong Taon, Semiraranhon!

Isang napakagandang pasimula ang pagpasok ng taong 2026 sa ating lahat. Buong puso kaming nagpapasalamat sa inyong patuloy na suporta at pakikiisa. Tunay ngang nagsimula tayo nang maayos—dala ang inspirasyon, lakas, at determinasyon upang harapin ang mga bagong oportunidad.

Hindi natin makakamit ang mga tagumpay at pag-unlad noong nakaraang taon kung hindi dahil sa inyong tiwala at pakikibahagi. Ang bawat kontribusyon, maliit man o malaki, ay naging mahalagang bahagi ng ating kolektibong paglago bilang isang komunidad.

Sa pagpapatuloy ng taon, inaanyayahan namin kayong manatiling katuwang sa aming mga programa at inisyatibo. Sama-sama nating itaguyod ang pagbuo ng mas matibay, mas aktibo, at mas nagkakaisang komunidad.

Muli, sa ngalan ng SMPC, maraming salamat at isang masaganang taon sa ating lahat!

**Ruben P. Lozada**
Vice President for Mining Operations and Resident Manager



Masaganang Bagong Taon sa ating lahat!

Sa pagsisimula ng taon, taos-puso kaming nagpapasalamat sa inyong walang sawang suporta at pakikiisa. Ang ating matibay na samahan ang nagsilbing pundasyon ng bawat tagumpay na ating naabot.

Sa unang kwarter pa lamang, marami na tayong sama-samang naisakatuparan. Naging matagumpay ang ating Q1 Medical Mission, tampok ang free Pap smear service bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Women's Month—isang patunay ng ating malasakit sa kalusugan at kapakanan ng bawat isa. Nariyan din ang ating suporta sa mga tree planting initiatives na nagpapakita ng ating kolektibong responsibilidad sa pangangalaga ng kalikasan, at marami pang ibang programa na inyong mababasa sa pahayagang ito.

Ang lahat ng ito ay bunga ng ating pagkakaisa at aktibong pakikilahok sa mga programang pang- komunidad. Kaya naman, inaanyayahan namin kayong ipagpatuloy ang pakiki-bahagi sa ating mga community building programs sa mga susunod pang buwan. Sama-sama nating palakasin ang ating ugnayan upang maghatid ng mas marami pang positibong pagbabago.

Maraming salamat, sa ngalan ng patnugutan ng Conveyor, sa inyong patuloy na pagtitiwala. Nawa'y makasama namin kayo sa mas marami pang makabuluhang gawain ngayong taon.

**Creslito D. Bangalao**
Administrative Division Manager


# CONVEYOR

**Editorial Adviser:** Engr. Ruben P. Lozada
**Editor in Chief:** Creslito D. Bangalao
**Managing Editor:** Januar R. Ong
**Associate Editor:** Myrla O. Delos Angeles
**Editorial Assistant:** Matt Jerome Casequin
Charles Audrey G. Concepcion
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

**Section Editors:**
Justine P. Balbin
Ben S. Lawangon
Catherine G. Lim
Romeo B. Malixi
Annaliza F. Patingan
Almar G. Valdemar
Joie E. Ebon

**Writing and Photo Contributors:**
Lorbec Anne S. Navallasca
Antonette T. Lozano
Gay Mariel Lopez
Richie Delos Santos

Semirara Mining & Power Corporation
Republic of the Philippines Department of Energy
Barangay Tinogboc
Barangay Alegria, Caluya, Antique
Barangay Semirara, Caluya, Antique




## MGA NILALAMAN


02 Mensahe
03 Samu't saring sports equipment, ipinamigay sa iba't ibang paaralan
04 SMPC, nagkaloob ng ICT equipment sa Caluya PNP para sa mas mabilis na serbisyo
Semirara Daycare, tumanggap ng organic compost at fertilizers mula sa SMPC
Suja Youth Organization, nabigyan ng painting materials mula sa SMPC
05 Dog and cat shelter sa Brgy. Semirara, pormal nang binuksan
SMPC, nakiisa sa pagdiriwang ng Biray Festival 2026 ng Brgy. Alegria
06 Brgy. Alegria, tumanggap ng painting materials mula sa SMPC
OJIs-in-Action: Pagpapaki-lala sa Operasyon ng SMPC
HERM Assessment: 60 Trainees, matagumpay na nakakuha ng TESDA NC II
07 Kauna-unahang Career Fair sa Semirara, tagumpay na naisagawa
Construction materials, ipinagkaloob ng SMPC sa SNHS
08 DWSSII 22nd Commence-ment Exercises: Higit 300 mag-aaral, matagumpay na nagsipagtapos
1,000 Beach Agoho Seedlings, tinanggap ng MENRO-Caluya
09 Wildlife Reintroduction: 14 na Ibon, Matagumpay na naibalik sa kalikasan
Clean-up Drive at Mangrove Planting sa Sitio Pinagpala, pinangunahan ng VES
10 SNHS, Pinangunahan ang pagtatanim ng 590 Bakawan sa Brgy. Alegria
Q1 Medical Mission: Suporta sa National Oral Health Month
11 Q1 Medical Mission: Alay na serbisyo para sa Kababaihan at Komunidad
ACLS Training para sa SMPC Healthcare personnel mula sa Philippine Heart Center
12 Sustainability Puzzle


PAMPALAKASAN



## Samu't saring sports equipment, ipinamigay sa iba't ibang paaralan

Nagsagawa ng turnover activities ang SMPC, katuwang ang Sangguniang Kabataan (SK) ng Brgy. Semirara, ng sports equipment sa iba't ibang paaralan noong Pebrero 10, 2026.

Naipamahagi ang mga kagamitang pang-Basketball, Badminton, Volleyball, Sepak Takraw, Chess, at Table Tennis, sa apat na paaralan—Semirara National High School, Seventh Day Adventist Academy, Villaresis Elementary School, at Semirara Elementary School. Bukod sa gamit pang-isports, tumanggap din ang bawat paaralan ng tig-iisang medical first aid kit.

Ang inisyatibong ito ay bahagi ng suporta ng SMPC sa mga programa ng SK Brgy. Semirara at Hon. Lemuel Biloza. Sa pamamagitan nito, hangad na patuloy na mahasa ang kakayahan ng aspiring student atheletes sa komunidad.





## SMPC, nagkaloob ng ICT equipment sa Caluya PNP para sa mas mabilis na serbisyo

Matagumpay na tinanggap ng Caluya Municipal Police Office ang mahahalagang ICT equipment mula sa SMPC noong ika-19 ng Enero 2026 sa Semirara Police Station.

Kabilang sa mga ipinagkaloob ay ang isang set ng desktop computer, isang unit ng fingerprint scanner, at electronic signature pen and pad. Pormal na nai-turn over ang mga kagamitan kina PSSG Raffy Concepcion at PCPL Eugene Eulogio, na nagpaabot ng pasasalamat sa ngalan ng Antique Police Provincial Office.

Ang mga naturang kagamitan ay agad na napakinabangan sa "Business One-Stop-Shop" (BOSS) na inisyatibo ng LGU Caluya. Layunin ng programang ito na padaliin ang pagsasaayos ng mga permit at compliance para sa mga maliliit na negosyo sa komunidad.



## Semirara Daycare, tumanggap ng organic compost at fertilizers mula sa SMPC

Nai-turn over ang tig-sampung sako ng organic compost at fertilizers noong ika-20 ng Enero 2026 sa Semirara Daycare Center.

Ang mga pataba sa lupa ay malugod na tinanggap ni Gng. Rowena Balbin, guro sa naturang center. Ang mga donasyon ay gagamitin sa pagpapaganda at pagsasaayos ng kanilang hardin upang magkaroon ng mas luntian at maayos na kapaligiran para sa mga bata.

Ang inisyatibong ito ay bahagi ng patuloy na pagsuporta ng kumpanya sa mga lokal na institusyong pang-edukasyon at sa pangangalaga sa kalikasan.




## Suja Youth Organization, nabigyan ng painting materials mula sa SMPC

Tinanggap ng Suja Youth Organization ang mga kagamitan sa pagpipinta mula sa SMPC noong ika-28 ng Pebrero 2026 sa Sitio Suja, Brgy. Semirara.

Kabuuang walong galon ng pintura ang ipinagkaloob sa organisasyon. Ayon sa mga opisyales ng samahan, gagamitin ang mga ito upang maisaayos at mapaganda ang kanilang plaza.

Ang donasyon ay tinanggap ng mga kinatawan ng organisasyon, na nagpaabot ng pasasalamat sa patuloy na suporta ng kumpanya sa mga inisyatibo ng mga kabataan sa kanilang sitio.







## Dog and Cat Shelter sa Brgy. Semirara, pormal nang binuksan

Opisyal na pinasinayaan ang Dog and Cat Shelter noong ika-25 ng Pebrero 2026 sa Sitio Pinagpala, Brgy. Semirara. Kasabay nito ang paglagda sa Memorandum of Agreement (MOA) bilang pagtanggap ng Barangay Local Government Unit (BLGU) Semirara sa naturang proyekto.

Itinatag ang pasilidad bilang suporta sa pagpapatupad ng Barangay Ordinance No. 012, s. 2019 o ang "Aso Mo, Itali Mo." Layunin nito na maayos na mapamahalaan ang mga pagala-galang aso at pusa sa komunidad sa pamamagitan ng isang itinalagang silungan para sa mga impounded stray animals.

Pormal na ini-turn over ang pasilidad sa pangangalaga ng BLGU Semirara. Inaasahang sa pamamagitan ng shelter na ito, mababawasan ang mga aksidente sa kalsada, mapipigilan ang pagkalat ng mga sakit, at matutugunan ang isyu ng overpopulation ng mga hayop sa lugar. Ang inisyatibong ito ay bahagi ng pagtataguyod ng isang mas ligtas, malinis, at masigasig na komunidad sa isla.



## SMPC, nakiisa sa pagdiriwang ng Biray Festival 2026 ng Brgy. Alegria

Masayang nakiisa ang SMPC sa pagdiriwang ng Biray Festival 2026 sa Brgy. Alegria noong ika-13 hanggang ika-15 ng Enero. Iba't ibang aktibidad ang idinaos para sa mga bata at matatanda, kabilang ang mga patimpalak kung saan isa ang SMPC sa mga naging pangunahing sponsor, partikular na sa "Lin-Ay kang Alegria."

Ang kapistahan ay nagtampok din ng isang makasaysayang re-enactment ng labanan sa pagitan ng mga Kastila at mga Pilipino, na pinaniniwalaang naging hudyat ng pagsisimula ng Kristiyanismo sa bansa.

Ang pagsuporta ng kumpanya sa mga ganitong tradisyon ay bahagi ng patuloy na pakikipag-ugnayan at pagpapahalaga sa mayamang kultura at kasaysayan ng mga host community sa isla ng Semirara.






## Brgy. Alegria, tumanggap ng painting materials mula sa SMPC

Malugod na tinanggap ng pamunuan ng Sangguniang Kabataan (SK) ng Brgy. Alegria ang mga kagamitan sa pagpipinta at konstruksiyon mula sa SMPC noong ika-17 ng Marso 2026.

Ang donasyon ay binubuo ng siyam na galon ng pintura, tig-limang paint brush at roller brush, isang galon ng thinner, at isang sako ng semento, na gagamitin sa pagsasaayos ng kanilang basketball court bilang paghahanda sa nalalapit na Bunlao League 2026.

Masayang tinanggap ng mga opisyal ang mga kagamitan at nagpaabot ng taos-pusong pasasalamat sa kumpanya. Ang suportang ito ng SMPC ay bahagi ng pagtataguyod sa sports development at pagkakaisa ng mga kabataan sa komunidad.

EDUKASYON





## OJIs-in-Action: Pagpapakilala sa Operasyon ng SMPC

256 On-the-Job Interns (OJI) mula sa Divine Word School of Semirara Island Inc. (DWSSII) ang pormal na nagsimula ng kanilang internship sa SMPC. Ang mga mag-aaral ay nakatakdang mag-render ng 80 oras bilang bahagi ng kanilang kurikulum.

Binubuo ang mga OJI ng mga mag-aaral mula sa Grade 12 sa ilalim ng iba't ibang strands: STEM (149), TVL (80), at ALS (27). Sila ay itinalaga sa iba't ibang departamento sa kumpanya upang matutunan ang best practices at makakuha ng work experience sa loob ng industriya.

## HERM Assessment: 60 Trainees, matagumpay na nakakuha ng TESDA NC II

Matagumpay na idinaos ang Heavy Equipment Repair and Maintenance (HERM) sa Talent Management and Development (TMD) Workshop noong Pebrero 23 hanggang 28, 2026.

60 trainees ang matagumpay na nakapagtapos ng Heavy Equipment Servicing (Mechanical) NC II Assessment. Ang training na ito ay may layuning tiyakin na ang mga empleyado ay nagtataglay ng National Certification na standards-driven at safety-oriented. Sakop ng programa ang mahahalagang aspeto ng maintenance, kabilang ang servicing para sa engine, electrical, hydraulic, powertrain, at undercarriage.

Pinangunahan ang assessment nina Wilfredo Marcelino Jr. (TESDA Accredited Assessor), Stephanie Claire Sta. Ana (TESDA-Region 6 Representative), Elyrn Primero (STCI Assistant Director), at Christian Omongos (ALT Sector Head). Ang tagumpay ng inisyatibong ito ay patunay ng patuloy na pagsisikap ng kumpanya na itaas ang antas ng kasanayan ng mga manggagawa sa Semirara.












## Kauna-unahang Career Fair sa Semirara, tagumpay na naisagawa

292 students mula sa Grade 12 ang dumalo sa Semirara Career Fair na may temang "Dream It, Plant It, Pursue It" noong Pebrero 21 sa SMPC Food Court.

Layunin nitong gabayan ang mga kabataan para sa kanilang tatahaking landas—mula sa kolehiyo at technical-vocational training, hanggang sa iba't ibang oportunidad sa industriya. Dumalo sa nasabing event ang mga estudyante mula sa Tinogboc National High School, Semirara National High School, at Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII).

Lumahok din ang mga tanyag na unibersidad gaya ng Central Philippine University, Divine Word College of San Jose, Philippine Central Island College, Inc., University of Antique, at University of San Agustin upang ipakita ang kanilang mga programa at scholarship opportunities kasama ang DWSSII Tertiary Education at Semirara Training Center, Inc. (STCI). Tampok din sa isang interactive booth ang mga robotics project mula sa Bytelift Learning Technologies Inc.

Nagbahagi naman ng inspirasyon sina Engr. Renor D. Pagunsan, RMeE, Dr. Hazel Mae J. Gardose, MD, at iba pang mga successful professional tungkol sa kanilang mga karanasan bilang produkto ng scholarship mula sa SMPC, BLGU Semirara, LGU Caluya, at STCI Alumni.















## Construction materials, ipinagkaloob ng SMPC sa SNHS

Malugod na tinanggap ng Semirara National High School (SNHS) ang mga gamit pang-konstruksiyon mula sa SMPC noong ika-23 ng Enero.

Kabilang sa mga ipinagkaloob ay ang 50 sako ng semento, 350 pirasong hollow blocks, 8 galvanized irons, 30 pirasong steel bars, 4 na plywood, at tig-3 PVC at elbow pipes. Tinanggap ang mga donasyon ni Gng. Ma. Liza Lim, OIC ng SNHS, kasama ang ilang faculty members at mag-aaral.

Ayon kay Gng. Lim, gagamitin ang mga materyales sa pagpapatayo ng karagdagang pasilidad at palikuran para sa mga estudyante. Layunin nitong mapanatili ang kalinisan at maayos na hygiene sa paaralan, lalo na ngayong tumataas ang populasyon ng mga mag-aaral.

8 EDUKASYON




# DWSSII 22nd Commencement Exercises: Higit 300 mag-aaral, matagumpay na nagsipagtapos

Matagumpay na idinaos ng Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) ang kanilang ika-22 Commencement Exercises noong ika-31 ng Marso 2026 sa SMPC Gymnasium. Ang seremonya ay pagkilala sa mga mag-aaral na nagtapos sa Grade School at Senior High School para sa Academic Year 2025-2026.

65 mag-aaral ang nagsipagtapos sa Grade 6, habang 251 naman ang nagtapos sa Grade 12 mula sa Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) at Technical-Vocational-Livelihood (TVL) tracks. Pormal na binuksan ang programa sa pamamagitan ng isang Baccalaureate Mass. Nagsilbi namang panauhing pandangal si Engr. Ian Glenn Conejar, Engineer I mula sa Powerplant Department ng SMPC, na nagbahagi ng inspirasyon sa mga kabataan.

Ang DWSSII ay nananatiling matibay na katuwang ng SMPC sa pagtataguyod ng kalidad na edukasyon sa Isla ng Semirara. Ang tagumpay ng mga nagsipagtapos na ito ay isang malinaw na kahayagan na ang paglago ng mga kabataan, ay tagumpay din ng buong komunidad tungo sa isang mas matatag na hinaharap.





KAPALIGIRAN




# 1,000 Beach Agoho Seedlings, tinanggap ng MENRO-Caluya

Matagumpay na naiturn-over ang nasa 1,000 binhi ng Beach Agoho sa Caluya Municipality Environment and Natural Resources Office (MENRO) noong ika-5 ng Marso 2026.

Ang mga Agoho seedlings ay bahagi ng hiling ng Office of the Mayor, Hon. Rigil Kent Lim, upang maayos ang landscaping at roadside ng bagong Munisipyo ng Caluya at Government Center sa Sitio Talaptap, Brgy. Población. Kasama ring binigay ang 50 Foxtail Palm na tinanggap ng kawani ng MENRO na si Adonis Madanao.

Ang seedlings ay tanda ng pakikiisa ng kumpanya sa hangarin na mapaganda at mapanatili ang kaayusan ng kapaligiran sa host community nito.





KAPALIGIRAN 9




# Wildlife Reintroduction: 14 na Ibon, Matagumpay na naibalik sa kalikasan

Matagumpay na isinagawa ang Wildlife Reintroduction Activity noong ika-24 ng Pebrero 2026 sa Bantayan Wildlife Release Site, Brgy. Semirara. Layunin ng aktibidad na maibalik sa kanilang likas na tirahan ang mga nasagip at na-rehabilitate na wildlife species alinsunod sa Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act).

May kabuuang 14 na ibon na nagmula sa Semirara Biodiversity Conservation Center (SBCC) ang pormal na pinakawalan, kabilang ang mga species ng White-collared Kingfisher, Common Emerald Dove, Spotted Dove, at Barred Rail. Pinili ang Bantayan Wildlife Release Site dahil sa angkop na kapaligiran nito na titiyak sa kaligtasan at kakayahan ng mga ibon na muling mamuhay at dumami sa natural na ekosistema.

Nakiisa sa aktibidad ang nasa 40 kinatawan mula sa SMPC, DENR-CENRO, at BLGU Semirara. Higit sa simpleng pagpapakawala, ang inisyatibong ito ay sumisimbolo sa kolektibong adhikain ng komunidad at ng kumpanya na pangalagaan ang biodiversity ng isla para sa mga susunod na henerasyon.










# Clean-up Drive at Mangrove Planting sa Sitio Pinagpala, pinangunahan ng VES

Hindi lamang pagmamahal sa kalikasan kundi pati na rin ang diwa ng pagkakaisa ang nagmarka sa isinagawang Clean-up Drive at Mangrove Planting Activity noong ika-4 ng Marso 2026 sa Sitio Pinagpala Coastal Area. Ang aktibidad ay pinagtulungan ng SMPC, Cummins Sales and Service Philippines, Inc. (CSSPI), at Villarises Elementary School (VES).

May kabuuang 96 na volunteers ang nakiisa sa programa kung saan 500 seedlings ng bakawan ang naitanim. Dumalo sa aktibidad sina G. Angelino Yandug (ESG Asst. Manager) at mga miyembro ng Reforestation Section ng SMPC, gayundin si Sir Hagie Paderes (Cummins Onsite Supervisor) kasama ang kaniyang koponan.

Ang inisyatibong ito ng Villarises ES ay naglalayong imulat ang mga mag-aaral sa responsableng pangangalaga ng kapaligiran at pagprotekta sa yamang-dagat sa pamamagitan ng pagtatanim ng bakawan. Sa tulong ng SMPC at Cummins, naging mas makabuluhan ang hakbang na ito tungo sa mas luntiang kinabukasan ng isla.





## SNHS, Pinangunahan ang pagtatanim ng 590 Bakawan sa Brgy. Alegria

Matagumpay na naisagawa ang isa pang mangrove-planting activity sa pangunguna ng Semirara National High School (SNHS) noong ika-7 ng Marso 2026. Ang nasabing aktibidad ay idinaos sa Coastal Area ng Brgy. Alegria.

590 seedlings ng bakawan ang itinanim sa tulong ng 140 kalahok mula sa SNHS. Ang inisyatibong ito ay may layuning imulat ang mga mag-aaral sa kritikal na papel ng mga bakawan sa pangangalaga ng ating ekosistema, partikular na sa pagbibigay ng proteksyon sa mga dalampasigan at pagpapayabong ng biodiversity.



KALIGTASAN AT KALUSUGAN





## Q1 Medical Mission: Suporta sa National Oral Health Month

Bilang bahagi ng Quarter 1 Medical Mission ng SMPC, nagsagawa ang kumpanya ng oral health awareness at fluoride application para sa mag-aaral, bilang bahagi sa pagdiriwang ng National Oral Health Month noong Pebrero 26-27, 2026.

Matagumpay na naisagawa ang programa sa Alegria Elementary School noong Pebrero 26, kung saan 68 estudyante mula Kinder hanggang Grade 3 ang nabigyan ng fluoride. Sinundan ito sa Tinogboc Elementary School kinabukasan, kung saan 153 na mag-aaral naman ang naging benepisyaryo. Bukod sa libreng toothbrush at toothpaste, tinuruan din ang mga magulang ng tamang paraan ng pagsisipilyo upang matiyak na ipagpatuloy ang wastong pangangalaga sa ngipin ng kanilang mga anak sa loob ng tahanan.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga magulang at guro sa tulong na ito para sa kalusugan ng mga kabataan.












## Q1 Medical Mission: Alay na serbisyo para sa Kababaihan at Komunidad

Isang makabuluhang serbisyo-medikal ang idinaos para sa ikalawang bahagi ng Quarter 1 Medical Mission ng SMPC, kung saan binigyang-tuon ang pangangailangan ng komunidad, lalo na ng mga kababaihan, bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Women's Month.

Isinagawa mula Marso 25 hanggang 27 ang aktibidad para sa Blood Sugar Testing at Hepatitis B screening sa 211 miyembro ng pamayanan. Bukod dito, nasa 142 kababaihan ang nabigyan ng libreng Pap smear (Papanicolaou test)—isang mahalagang pagsusuri upang matukoy ang mga abnormal cells sa cervix na maaaring mauwi sa kanser kung hindi maaagapan.

Pinangunahan ni Dra. Ma. Carmela Sanchez, OB-GYN mula sa SMPCH, ang pagsasagawa ng nasabing procedure. Ayon sa kanya, napapanahon ang medical mission na ito dahil sa pagdiriwang ng Women's Month ngayong Marso. Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng early detection at prevention upang masigurong malusog at ligtas ang mga kababaihan mula sa mga sakit na maaari nilang makuha.

Ang matagumpay na serbisyong ito ay ang huling yugto ng Q1 Medical Mission ng kumpanya para sa taong 2026.









## ACLS Training para sa SMPC Healthcare personnel mula sa Philippine Heart Center

Matagumpay na naisagawa ang Advanced Cardiac Life Support (ACLS) at Basic Life Support (BLS) Training Course para sa mga healthcare personnel ng SMPC Infirmary noong Marso 29-30, 2026. Ang nasabing pagsasanay ay pinangunahan ng mga tanyag na cardiologist mula sa Philippine Heart Center.

Nakiisa ang 21 kawani ng SMPC Infirmary mula sa iba't ibang seksyon nito, sa pamumuno ni Dra. Arleen Vallejo, SMPCH Director. Ang pangunahing layunin ng pagsasanay ay ang malinang ang kakayahan at kumpiyansa ng team sa pagresponde sa mga emergency, kabilang ang pagsasagawa ng high-quality CPR, defibrillation gamit ang AED, at maagang pagtukoy sa cardiac arrest.

Sa aktibidad na ito, lalo ring pinatibay ang team-based response sa pamamagitan ng tamang komunikasyon at koordinasyon sa gitna ng mga stressful scenarios.

Pinangunahan nina Dr. Ryan Mambulao at Dr. Darien Dong-as ang dalawang araw na training. Nagpaabot naman ng pasasalamat si Dra. Vallejo at kinilala ang bigat ng ganitong pagsasanay para sa kaligtasan ng mga pasyente sa isla. Ayon sa kaniya, ang pagpapanatili ng ganitong training schedule kada dalawang taon ay tinitiyak na ang ating mga doktor at nars ay mananatiling eksperto sa rhythm interpretation at pharmacology upang makapagligtas ng buhay.

# SUSTAINABILITY PUZZLE

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | A | R | I | B | Q | P | O | P | Y | C | R | B | W | T | Q | G | S | N | T |
| B | G | R | G | R | B | L | Y | L | C | O | Q | A | V | E | C | M | H | A | R |
| T | O | E | U | Y | S | T | V | Y | Z | N | Y | K | K | C | N | N | E | Y | E |
| S | H | E | H | N | W | F | F | W | H | S | S | A | U | H | B | B | L | A | W |
| X | O | R | K | G | I | S | B | O | P | E | R | W | L | N | T | V | T | T | K |
| G | R | A | L | S | D | V | P | O | K | R | E | A | T | I | S | C | E | N | L |
| H | O | C | P | D | J | M | E | D | T | V | Z | N | U | C | D | X | R | A | W |
| B | Y | T | E | L | I | F | T | R | D | A | I | C | R | A | C | S | F | B | A |
| U | U | K | C | U | M | M | I | N | S | T | L | V | A | L | E | A | G | U | E |
| S | P | N | D | F | X | V | F | Q | S | I | I | D | J | L | Y | R | P | U | C |
| I | L | F | L | O | U | R | I | D | E | O | T | H | G | D | S | L | K | H | V |
| N | Q | U | S | A | R | T | Y | G | Q | N | R | Y | H | I | O | P | R | O | T |
| E | T | U | S | P | O | R | T | S | S | J | E | M | E | R | A | L | D | F | N |
| S | C | E | N | A | R | I | O | S | F | G | F | F | X | Z | W | Y | T | J | E |
| S | V | W | I | L | D | L | I | F | E | C | F | E | S | T | I | V | A | L | M |
| Y | X | L | H | J | K | C | V | I | L | L | A | R | E | S | I | S | X | C | P |
| P | E | K | I | N | G | F | I | S | H | E | R | H | S | D | F | Y | P | Y | I |
| C | E | R | T | I | F | I | C | A | T | I | O | N | A | S | D | G | F | W | U |
| L | I | V | E | L | I | H | O | O | D | G | U | P | X | C | Y | O | P | L | Q |
| P | H | A | R | M | A | C | O | L | O | G | Y | O | Y | D | S | H | J | K | E |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| BYTELIFT | BUSINESS | TECHNICAL | BUNLAO | BANTAYAN | CAREER |
| PLYWOOD | BIRAY | LEAGUE | EMERALD | CUMMINS | AGOHO |
| EQUIPMENT | SHELTER | CONSERVATION | LIVELIHOOD | CERTIFICATION | SPORTS |
| UNIVERSITY | KULTURA | SCANNER | KINGFISHER | FLUORIDE | SCENARIOS |
| FERTILIZERS | WILDLIFE | FESTIVAL | VILLARESIS | BAKAWAN | PHARMACOLOGY |


**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Community Response Line: 0962 641 7429

Email: communityrelations@semirarampcsite.com

www.semiraramining.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers

linkedin.com/company/semirarampc

youtube.com/semirarampc

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION